Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-19 NG OKTUBRE, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | Kasangguni |

---

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 232-2020**

**ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA NAGBIBIGAY PAHINTULOT AT KAPANGYARIHAN SA PUNONG LUNGSOD – KGG. GILBERT T. GATCHALIAN, NA MAKAPASOK AT MAKALAGDA SA ISANG KASUNDUAN (MEMORANDUM OF AGREEMENT) SA PAGITAN NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NG MALOLOS AT NG UCPB SAVINGS BANK INC. PARA SA PROGRAMANG PERSONAL LOANS SA ILALIM NG PAYROLL SERVICE PLAN LOAN (PSPL-Non DepEd) PARA SA MGA KAWANI NITO.**

PANGUNAHING MAY-AKDA: **KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
**KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO,**
**KGG. EMMANUEL R. SACAY AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**

**SAPAGKAT,** lumiham ang Punong Lungsod, Kgg. Gilbert T. Gatchalian sa mabunying Sangguniang Panlungsod para sa pagkakaloob nito ng kapangyarihan at kapahintulutang makapasok at makalagda sa isang kasunduan (Memorandum of Agreement) sa pagitan ng Pamahalaang Panlungsod ng Malolos at ng UCPB Savings Bank, Inc. para sa programang Personal Loans sa ilalim ng Payroll Service Plan Loan (PSPL-Non DepEd);

**SAPAGKAT,** pangunahin sa layunin ng Pamahalaang Panlungsod na tiyaking angkop, epektibo at episyente ang mga programa at proyekto nitong isinasakatuparan;

**SAPAGKAT,** ang nasabing kasunduan ng UCPB Savings Bank Inc. ay makakatugon at makakatulong sa pangangailangan ng mga kawaning kwalipikado para dito;

**SAPAGKAT,** ang nasabing tulong sa pautang ay makakatulong ng mabuti sa mga pangangailangang pinansyal ng mga opisyal at kawani upang tugunan ang mga gastusing pampamilya, partikular ang patungkol sa edukasyon at pangangalaga sa kalusugan;

**SAPAGKAT,** itinatadhana ng Seksyon 16 ng Batas Republika Blg. 7160 o' mas kilala sa taguring Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas na pangunahing layunin at gampanin ng Pamahalaang Panlungsod ang pagbibigay ng mga programa at proyekto na magsusulong ng kagalingang panlipunan;

**SAPAGKAT,** batay sa **Seksyon 22(c)** ng **Batas Republika 7160,** ay maaaring pumasok ang Pamahalaang Lungsod sa isang kasunduan sa pamamagitan ng pagkatawan dito ng Punong Ehekutibo na mayroong otorisasyon mula sa kinauukulang Sanggunian.

Sa kahilingan ni **Kgg. Nino Carlo C. Bautista** na sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASIYA,** gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya, na nagbibigay pahintulot at kapangyarihan sa Punong-Lungsod, Kgg. Gilbert T. Gatchalian, na makapasok at makalagda sa isang kasunduan (Memorandum of Agreement) sa pagitan ng Pamahalaang Panlungsod ng Malolos at ng UCPB Savings Bank Inc., para sa programang Personal Loans sa ilalim ng Payroll Service Plan Loan (PSPL-Non DepEd) para sa mga kawani nito.

**PINAGTIBAY.**

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

*KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI - ABC President

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

PINATUTUNAYAN:

KGG. NOEL G. PINEDA
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*10192020